

Katibayan ng Coverage at Form ng Pagsisiwalat ng Healthy Workers HMO

Pinagsamang Ebidensya ng Pagsaklaw at Form ng Paghahayag

ERRATA

Pebrero 1, 2026

Gumawa ng mga pagbabago ang Healthy Workers HMO sa program. Nakatala sa ibaba ang mga pagbabago. Pakibasa ang mga pagbabagong ito at itabi ang dokumentong ito kasama ng Katibayan ng Coverage at Form ng Pagsisiwalat ng 2026 Healthy Workers HMO.

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga pagbabagong ginawa sa Katibayan ng Coverage at Form ng Pagsisiwalat ng Healthy Workers HMO pakitawagan ang Departamento ng Serbisyo sa Customer ng San Francisco Health Plan sa **1(415) 547-7800** (local), o **1(800) 288-5555** (toll-free), Lunes–Biyernes, 8:00am–5:00pm. Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**. Mayroon kaming tauhan na makakatulong sa iyo sa wika mo.

Benepisyo sa Reseta

Magagamit ang pagbabago ng benepisyo ng Healthy Workers HMO sa Pebrero 1, 2026. Ang sumusunod na impormasyon ay idinagdag sa mga seksyong “Mga Inireresetang gamot” at “Proseso ng Paunang Awtorisasyon ng Parmasya” simula sa pahina 47:

10. Mga Saklaw na Benepisyo ng SFHP

T. Mga Inireresetang Gamot

- Mga produktong compounded na gamot kapag mayroong mga naaprubahan ng FDA at ibinebentang produkto na magagamit para sa diagnosis. Ang mga produktong compounded na gamot ay dapat ding maipakitang ligtas, mabisa, at matatag upang maisaalang-alang ang eksepsiyon sa Pagbubukod na ito.
- Kasama sa pagbubukod ang mga reseta para sa mga gamot o device na hindi nakatanggap ng pag-apruba mula sa U.S. Food and Drug Administration (FDA).

Proseso ng Paunang Awtorisasyon ng Parmasya

Humihingi ng Paunang Awtorisasyon ang SFHP para sa mga drug therapy na inireseta nang lampas sa mga limitasyon ng Pormularyo, gamot na may mga kinakailangan sa Step Therapy, at mga gamot na hindi nakalista sa Pormularyo (“Mga Gamot na Wala sa Pormularyo”). Kung may mga kinakailangan sa Step Therapy na nakalista sa Pormularyo para sa isang partikular na gamot, maaaring kailanganin ng SFHP na subukan ninyo ang isa o higit pang ibang gamot upang gamutin ang inyong medikal na kondisyon bago sasaklawin ng SFHP ang gamot. Kung gusto ninyo ng coverage para sa isang partikular na gamot bago subukan muna ang iba pang gamot, kayo o ang inyong Provider ay maaaring magsumite ng kahilingan para sa eksepsiyon sa Step Therapy. Ipinoproceso ng SFHP

ang mga eksepsiyon sa Step Therapy at kahilingan para sa mga Gamot na-Wala sa Pormularyo gamit ang parehong proseso ng mga Paunang Awtorisasyon.

Dapat sagutan ang form ng Paunang Awtorisasyon (PA) ng SFHP upang masimulan ang proseso ng Paunang Awtorisasyon. Maaaring punan ang form ng PA ng SFHP ng nagrereseta, katulong ng doktor, o pharmacist. Makikita ang form ng PA ng SFHP sa website ng SFHP sa **sfhp.org**.

Maaaring ipadala ng tagapagresetang pharmacist o Miyembro ang kumpletong kahilingan sa SFHP sa tatlong paraan:

1. I-fax ang mga kahilingan sa MedImpact sa **1(858) 790-7100**
2. Mga kahilingan sa telepono: **1(877) 633-7943**
3. Mga kahilingan sa web: Maaaring magsumite ang provider ng kahilingan online sa **<https://mp.medimpact.com/emrf>**

Nirerepaso ng pharmacist at/o ng Medikal na Direktor ng ang mga Paunang Awtorisasyon at nagpapasya kung aaprubahan, aaprubahan nang may mga pagbabago, tatanggihan, o hihingi sa doktor ng karagdagang impormasyon.

Kung nasagutan nang buo ang form ng kahilingan, susuriin ang mga karaniwang kahilingan sa loob ng 72 oras. Kapag may mga Pangyayaring Nangangailangan ng Agarang Aksyon, pabibilisin ang kahilingan at susuriin ito sa loob ng 24 na oras.

Kung inaprubahan ang Paunang Awtorisasyon, magpapadala ng mensahe sa pamamagitan ng fax sa tagapagreseta na nakalista sa form ng kahilingan ng Paunang Awtorisasyon at sasaklawin ng SFHP ang gamot. Kung tinanggihan, o binago ang Paunang Awtorisasyon, magpapadala ang SFHP ng sulat sa inyo at sa nagrerresetang Provider. Kasama sa sulat na ito ang dahilan para sa desisyon ng SFHP. Isasama rin namin ang mga tagubilin kung paano kayo maaaring mag-apela kung hindi kayo sumasang-ayon sa aming pagtanggì o sa iminumungkahing alternatibong gamot o paggamot at kung paano kayo maaaring humiling ng pagsusuri

ng isang independiyenteng organisasyon sa pagsusuri.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng SFHP, maaari kayong magsumite ng apela sa SFHP o humiling ng pagsusuri ng isang independiyenteng organisasyon sa pagsusuri. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyong “Mga Pamamaraan sa Karaingan at Apela” simula sa pahina 62.